KALATAS

Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan

TOMO 40 BILANG 1 BASAHIN AT TALAKAYIN ENERO 2020


EDITORYAL

# Mga rebolusyonaryo ang tunay na nagtataguyod ng makatarungang kapayapaan

Walang aasahang maayos na pakikipag-usap para sa kapayapaan sa tusong pasista na tulad ni Duterte. Habang iniaabot ang kaliwang kamay, naghahasa ang kanan ng punyal na isasaksak sa likod ng mga rebolusyonaryo. Kunwang nakikipagkaibigan, pero sa totoo'y nag-aabang ng pagkakataong umatake.

Ganito ang kanyang ipinakita sa pinakahuling pagtatangkang muling buksan ang peace talks sa pagitan ng kanyang reaksyunaryong gubyerno at sa National Democratic Front of the Philippines (NDFP) na kumakatawan sa rebolusyonaryong kilusan. Sa paghahangad na mabitag ang mga rebolusyonaryo, nagpanggap siyang panig sa kapayapaan. Nagpalipad-hangin siya sa posibilidad na mapirmahan ang Interim Peace Agreement—isang balangkas na ipinanukala ng GRP at sinalubong ng NDFP noong ikaapat na serye ng pag-uusap. Gayundin, inalok pa ang *chief political consultant* na si Jose Ma. Sison ng one-on-one na pakikipag-usap sa Maynila.

Ngunit gaya ng dati, bigo si Duterte sa kanyang pakana. Nabigo siyang pasukuin ang NDFP at ang mga lider nito, at nabigo siyang dungisan ang pangalan ng rebolusyonaryong kilusan. Sa halip, nahubaran ang mga itim na pakana ng kanyang rehimen at naladlad ang tunay nitong layunin—ang hadlangan ang *peace talks* at pigilan na magkasundo sa Comprehensive Agreement on Socio-Economic Reforms (CASER) na siyang pinakapuso ng negosasyon na lulutas sa ugat ng armadong tunggalian



# KALATAS

Enero 2020
TOMO 40 BILANG 1

NILALAMAN

*1 Editoryal: Mga rebolusyonaryo ang tunay na nagtataguyod ng makatarungang kapayapaan*

*3 Balitang TO: 2 taktikal na opensiba sa Mindoro*

*4 Sabwatang Duterte, Esperon, Año at Lorenzana (DEAL), mga peace saboteurs*

*6 Tugon ni PdG: Hinggil sa sinseridad ng NDFP sa peace talks sa GRP*

*8 Panlipunang hustisya, hangad pa rin ng mga magsasaka*

*10 Mga manggagawang Nissen laban sa pang-aapi at kontraktwalisasyon*

*12 Bukas na liham sa mga mamamayan sa Batangas na nasalanta ng pagputok ng bulkang Taal*

*14 Atake ng US sa Iran: Pagpapatuloy ng mapandigmang kasaysayan ng US sa Middle East*

*16 Kultura: NPA na ako!*

*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:*

st.kalatas@gmail.com

balikwastk.wordpress.com

sa bansa at tunay na tutugon sa pinakapundamental na pambansa-demokratikong interes ng sambayanang Pilipino.

Hindi na ipinagtataka ng rebolusyonaryong kilusan ang kinahinatnan ng *peace talks*. Maaga pa lamang sa termino ni Duterte ay mahihinuha nang sarado ang kanyang gubyerno sa anumang makabuluhang pakikipag-usap para sa kapayapaan. Lumikha ito ng klima ng takot at kaguluhan upang sagkaan ang mga pagsisikap para sa *peace talks*. Nagdeklara ito ng *state of emergency* noong Setyembre 4, 2016 na naging tuntungan ng kamay-na-bakal niyang paghahari na sumusupil sa lahat ng anyo ng oposisyon.

Bago magsara ang 2017, magkasunod na inilabas ni Duterte ang Proclamation No. 360 na arbitraryong nagtatapos sa *peace talks* at Proclamation No. 374 na nagbansag sa Partido Komunista ng Pilipinas-Bagong Hukbong Bayan na mga teroristang organisasyon. Noong 2018, itinodo nito ang kontra-rebolusyonaryong kampanya sa paglalabas ng Executive Order No. 70 (EO 70) na nagtatag sa National Task Force to End Local Communist Armed Conflict at nagbigay-katwiran sa pasismo ng estado sa pangunguna ng AFP-PNP.

Sa ilalim ng EO 70, inilagay ni Duterte ang kapangyarihang militar sa tuktok ng sibilyang otoridad ng reaksyunaryong gubyerno. Isiniksik ang mga nagretirong matataas na upisyal militar at pulis sa pinakamahahalagang katungkulan sa reaksyunaryong burukrasya. Pinatakbo ang reaksyonaryong estado ng maliit na paksyon ng militar-sibilyang junta.

Malaon nang batid ng rebolusyonaryong kilusan na tuso si Duterte, subalit dahil sa dalisay nitong hangarin na kamtin ang tunay na kapayapaang nakabatay sa hustisyang panlipunan, sinubukan pa rin nitong pumasok sa negosasyon sa kasalukuyang rehimen. Umasa ang NDFP na makatutulong ang *peace talks* upang sansalain ang paghahasik ng teror ng AFP-PNP sa kanayunan at pigilan ang brutal na gera kontra-droga ng maramihang pagpatay at paglabag sa karapatang tao. Tiningnan ding mainam na pagkakataon ang *peace talks* upang isulong ang tunay na repormang agraryo at pag-unlad sa kanayunan at igiit ang pagtatapos sa kontraktwalisasyon at iba pang pang-aabuso sa mga manggagawa. Lahat ng ito'y mga hakbangin tungo sa pagkakamit ng panlipunang hustisya na kinakailangan upang maging pangmatagalan at makatarungan ang kapayapaan.

Walang ibang dapat sisihin sa pagkabahura ng mga pagsisikap na ito kundi si Duterte at ang mga masugid na anti-Komunista sa kanyang rehimen na promotor ng todo-gera laban sa PKP-BHB-NDFP imbes na *peace talks*. Sila rin ang mga nagpaparatang sa rebolusyonaryong kilusan na kontra-kapayapaan dahil sa pagkakaroon ng armadong kilusan ang mamamayan. Ang totoo'y nais lamang nilang pigilan ang paglaban ng mamamayan at ipatupad ang burges-reaksyunaryong tipo ng kapayapaan kung saan marahas na sinusupil ng mersenaryong AFP at PNP ang nakikibakang mamamayan para malayang pagsamantalahan ng iilan ang higit na nakararami. Ito ay kapayapaang kumukunsinti sa bulok na kaayusan ng lipunan.

Salungat dito ang kapayapaang itinataguyod ng mga rebolusyonaryo na nakabatay sa hustisyang panlipunan. Ito ang kapayapaang ipinaglalaban ng rebolusyonaryong kilusan sa mahabang kasaysayan ng *peace talks* mula pa noong rehimeng US-Ramos. Kung wala ang armadong kilusan ng mamamayan, hindi magkakamit ang masa sa kanayunan ng mga tagumpay sa rebolusyong agraryo at kailanman, hindi seseryosohin ng lokal na naghaharing uri na harapin ang NDFP bilang kapantay sa isang negosasyon.

Dahil sa matatag na tindig ng NDFP at rebolusyonaryong kilusan kaya nagkaroon ng kasunduan sa CARHRIHL at iba pang kaugnay na mga kasunduan tulad ng JASIG. Sa ngayon, nakahapag ang ikalawa sa substantibong agenda sa negosasyon—ang CASER na konsentrasyon ng mga demokratikong kahilingan ng mamamayan. Kung maputol man ang negosasyon, ito ay dahil sa mga reaksyunaryo na pursigidong panatilihin ang kasalukuyang paghahari ng imperyalismong US at ng lokal na naghaharing malalaking burgesya kumprador-panginoong maylupa at burukratang kapitalista sa bansa.

Malinaw na ang rebolusyonaryong kilusan ang tunay na sinsero sa peace talks at nagsusulong ng kapayapaan. Samantala, ang utak-pulbura at dugong diktador na si Duterte ay interesado lamang makipagnegosasyon sa NDFP kung gagawin ang negosasyon sa balangkas ng reaksyunaryong Konstitusyon at isusuko ng BHB ang kanilang armas. Sa gayo'y inaasahan ng rehimen na tuluyang malipol ang mga rebolusyonaryong pwersa nang hindi nilulutas ang ugat ng armadong tunggalian sa bansa. Ang nais ni Duterte ay isang negosasyon sa pagsuko at hindi isang negosasyon sa kapayapaan.

Nagmumula sa armadong lakas ng BHB ang kapangyarihang pampulitika ng rebolusyonaryong gubyerno, kaya naman lahat ng pamamaraan ay ginagawa ng mga reaksyunaryo upang pahinain ang Pulang hukbo. Ang panloloko ni Duterte sa peace talks ay senyales ng desperasyon ng rehimen na magapi ang hindi nito matalo-talong BHB bago matapos ang kanyang panunungkulan.

Sadyang mabibigo si Duterte na gapiin ang mga rebolusyonaryong pwersa—may *peace talks* man o wala. Hindi tumitigil ang mamamayan at BHB sa pagpupunyagi sa digmang bayan. Tuluy-tuloy ang paghahawan ng landas tungo sa tunay na kapayapaan sa pamamagitan ng pagtatatag ng mga rebolusyonaryong kapangyarihang pampulitika sa kanayunan upang wakasan ang paghahari ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata-kapitalismo sa bansa. Walang patid na isinusulong ng Partido ang armadong pakikibaka, rebolusyong agraryo at pagbubuo ng base upang ganap na pahinain ang kapangyarihan ng mga mapagsamantalang uri kabilang ang lahat na mga kasangkapan nila sa pagpapatupad ng makauring paghahari laban sa mamamayan.

Hanggang naghihirap ang sambayanan at nananatili ang mga istruktura ng pagsasamantala at pang-aapi sa lipunan, may dahilan ang mamamayan na patuloy na ilunsad ang armadong pakikibaka at rebolusyon sa lahat ng larangan. Ito ang tungkuling pinanghahawakan ng lahat ng rebolusyonaryo, ang mga tunay na nag-aadhika at handang lumaban para sa tunay na kapayapaan.

*BALITANG TO*



# 2 taktikal na opensiba ng BHB Mindoro, salubong sa FMO ng 203rd Brigade

Dalawang magkasunod na taktikal na opensiba ang matagumpay na isinagawa ng Lucio de Guzman Command - BHB Mindoro (LdGC - BHB Mindoro) ngayong Enero. Inagaw nito ang inisyatiba sa labanan sa unang arangkada ng *focused military operations* (FMO) ng pinagsanib na pwersa ng 203rd Brigade at PNP-Region IV-B sa mga bayan ng Socorro at Mansalay, Oriental Mindoro at Rizal, Occidental Mindoro.

Noong Enero 14, 7:30 ng umaga, inisnayp ng isang yunit ng LdGC - BHB Mindoro ang mga nag-ooperasyong pwersa ng 76th IBPA sa So. Buhuan, Brgy. Bugtong na Tuog, Socorro. Dalawang elemento ng kaaway ang malubhang nasugatan na kagyat na kinuha ng ambulansya ng hapon ding iyon.

Inilunsad ng BHB Mindoro ang operasyong isnayp bilang pagsalubong sa FMO ng hindi bababa sa 300 pwersa ng 203rd Brigade at PNP-Region IV-B sa mga barangay ng Socorro at Mansalay, Oriental Mindoro at Rizal, Occidental Mindoro sa pagpasok ng taong 2020. May madugong rekord ang FMO-RCSPO ng 203rd Brigade at PNP-Region IV-B sa mamamayan ng Mindoro.

Kinabukasan, Enero 15, 6:18 ng hapon, nireyd at pinarusahan ng mga Pulang mandirigma ang Aglubang Mining Corp. sa 213, Barangay Alcate, Victoria, Oriental Mindoro. Sinira ng mga Pulang mandirigma ang isang *ten-wheeler dump truck* at isang traktora na ginagamit sa *quarry*.

Malaon nang inirereklamo ng mamamayan ng Mindoro ang mapaminsalang operasyong *quarry* sa Naujan at Victoria, Oriental Mindoro. Bago nagsimula ang mapanirang operasyong *quarry*, may mga kaso ang Aglubang Mining Corp. ng pang-aagaw ng lupa at paggamit ng bayarang *goon* para palayasin ang mga pamilya sa itinayo nitong quarry site. Nang magsimula naman ang operasyong *quarry*, pinerwisyo nito ang aabot sa 15,000 residente mula sa mga barangay Tagumpay, Inarawan, Bagong Buhay 1, San Nicolas, Tigkan at Apitong, Naujan at mga barangay Antonino, Alcate at Bagong Buhay 22, Victoria.

Ani Madaay Gasic, tagapagsalita ng LdGC - BHB Mindoro, "Hindi kailanman mananahimik ang LdGC - BHB Mindoro sa harap ng mararahas na pag-atake ng pasistang pwersa laban sa mamamayan at rebolusyonaryong kilusan at ang pagtutuloy ng mga mapanirang proyekto ng rehimeng US-Duterte sa isla."

# Sabwatang Duterte, Esperon, Año at Lorenzana (DEAL), mga *peace saboteurs*

Ang pakanang muling buksan ang *peace talks* ay bunga ng desperasyon ni Duterte na makapanatili sa kapangyarihan sa harap ng matatag na paglaban ng rebolusyonaryong armadong kilusan. Nangangamba si Duterte na palitan ng US bilang pangulo ng GRP kapag nabigo siya sa kanyang pangako sa US na tapusin ang rebolusyonaryong kilusan sa loob ng kanyang panunungkulan, sa isang panig, at dahil sa kanyang patuloy na pakikipagmabutihan sa China, sa kabilang panig.

Ngunit tila mauulit ang karanasan ng rebolusyonaryong kilusan sa mga nagdaang peace talks dahil sa patuloy na pananabotahe ng mga *peace saboteurs* ng rehimeng US-Duterte. Sa harap ng malugod na pagtanggap ng CPP-NPA-NDFP sa nabahurang *peace talks*, hindi kakitaan ng kaseryosohan at pagsuporta ang rehimeng US-Duterte sa ganap na panunumbalik nito.

Nasa loob ng gubyernong Duterte ang mga pasista at maka-US na elementong tutol sa *peace talks.* Pinangungunahan ng mga *peace saboteurs* at miyembro ng Cabinet Cluster E na tulad nina DND secretary Lorenzana, national security adviser Esperon, DILG secretary Año, OPAPP chief Galvez at AFP Chief-of-Staff Santos ang pagdistrungka sa peace talks sa pagitan ng NDFP at GRP. Ginagamit nila ang kanilang mga galamay sa loob ng gabinete ni Duterte at mga maka-kanan at mapandigmang heneral ng AFP-PNP para mahinto ang *peace talks*.



**Mga pakana ng DEAL para idiskaril ang peace talks**

Samu't sari ang pakana ng mga *peace saboteurs* para idiskaril hanggang sa tuluyang itigil ang peace talks. Sa pagsisimula ng usapan noong 2016, nagkasundo ang NDFP at GRP na magdeklara ng walang taning na tigil-putukan habang nagaganap ang negosasyon. Ngunit kahit tumalima ang mga yunit ng NPA sa kasunduan, nagtuluy-tuloy ang mga operasyong militar at pulis at pag-okupa sa 500 baryo sa mga eryang saklaw ng larangang gerilya ng NPA sa buong bansa. Sa Timog Katagalugan pa lamang, naitala ang 96 kaso ng paglabag sa *ceasefire* mula Agosto 2016 hanggang Nobyembre 2016.

Nito namang nagdaang Reciprocal Unilateral Ceasefire (RUCF) ng NDFP at GRP mula Disyembre 23, 2019 hanggang Enero 7, nagpatuloy rin sa pananalasa ang AFP-PNP sa mga larangang gerilya sa Timog Katagalugan. Noong Disyembre 23, 2019, naiulat ang paglulunsad ng operasyon ng 24 elemento ng 85th IBPA sa Brgy. Villa Nacaub, Lopez, Quezon, habang isang iskwad naman ang nag-ooperasyon sa Brgy. San Fransisco B, Lopez. Sa parehong araw sa Palawan, nagpatuloy ang Focused Military Operations (FMO) ng 80 tauhan ng pinagsanib na pwersa ng Philippine Marines at 18th Special Forces Company sa ilalim ng Task Force Peacock/Western Command sa Brgy. Quenlugan, Quezon.

Huli rin bago nagdeklara ng Suspension of Police Operations (SOPO) at Suspension of Military Operations (SOMO) ang AFP-PNP at noong Disyembre 26, 2019 lamang natanggap ng NDFP ang mga kautusang ito. Patunay ito na lantaran ang pagbabalewala ng AFP-PNP sa pagtupad sa tigil-putukan. Kasabay nito, patuloy na pinipinsala ng mga FMO ang buhay at kabuhayan ng masa sa mga baseng saklaw ng NPA.

Sinikap ng mga yunit ng NPA na umiwas sa mga labanan subalit napipilitan itong lumaban dahil sa sinsin ng FMO. Ang mga aksyong militar na sa esensya'y pagtatanggol sa sarili at sa masang saklaw ng erya ng rebolusyonaryong gubyerno ay binabaluktot ng rehimen at pinalalabas na paglabag sa RUCF. Ginagamit itong dahilan ng DEAL na igiit na hindi kontrolado ng CPP ang mga yunit ng NPA.

Ang totoo, ang tunay na walang kontrol sa sariling tropa ay si Duterte dahil ang may hawak ng AFP-PNP ay ang imperyalismong US sa pamamagitan ng mga pangunahing ahente nito at *peace saboteurs* na sina Lorenzana, Esperon at Año. Sila ang nag-aatas sa mga heneral at upisyal ng AFP-PNP na imobilisa ang mga ground troops para balewalain

at labagin sa sariling tigil-putukan, nang sa gayo'y malagay sa peligro ang *peace talks*.

Katawa-tawa rin ang baluktot na katwiran ng rehimeng Duterte na "nagpapalakas lamang ang NPA tuwing tigil-putukan kaya hindi seryoso ang rebolusyonaryong kilusan sa *peace talks"*. Nais din nilang pigilan ang demokratikong gubyernong bayan sa paggampan ng tungkulin nito tulad ng rebolusyonaryong pagbubuwis, paggana ng hukumang bayan at iba pa. Pinagdidiinan ito ng mga *peace saboteurs* para mawalan ng kredibilidad ang CPP-NPA-NDFP sa pagharap sa *peace talks*. Ang CPP-NPA-NDFP na kumakatawan sa Demokratikong Gubyernong Bayan bilang katapat ng reaksyunaryong gubyerno ni Duterte ay may karapatan at katungkulang magpatuloy sa pagtupad at paggampan ng mga tungkulin sa pamamahala sa mga saklaw nitong base.

Hindi nauunawaan ng mga *peace saboteurs* at gubyernong Duterte ang katotohanang may *peace talks* man o wala, patuloy na lalakas ang rebolusyonaryong kilusan hangga't hindi nagbabago ang abang kalagayan ng bayan at ang pagkakalukob ng imperyalismong US sa ating bansa.

**Direktang pananabotahe ng LEA sa peace talks**

Ayon sa kumpas ng US, lantaran ang pagtuligsa ng LEA sa *peace talks* sa NDFP. Hayagang sinasabi ni Lorenzana na ayaw niyang ituloy ang *peace talks* at ang pagkakaroon ng *ceasefire* kahit sa panahon ng Pasko at Bagong Taon. Samantala, ipinupursige ni Año sa mga lokal na pamahalaan ang pagdeklara na *persona non grata* ang PKP-BHB-NDFP habang isinusulong ang walang saysay na *localized peace talks* sa pagitan ng mga LGUs at NPA. Sinisiraan naman ni Esperon ang programa ng CASER, ang kasunduang lulutas sa ugat ng armadong labanan sa bansa at sa kronikong krisis at pagkaatrasado ng malakolonyal at malapyudal na Pilipinas. Binalangkas ng tatlong bugok na ito ang kontra-rebolusyonaryong E-CLIP at NTF-ELCAC na pumupuntirya sa nakikibakang mamamayan at mga pinaniniwalaang base ng rebolusyonaryong kilusan.

Simula't sapul, walang kaseryosohan ang rehimeng US-Duterte na humarap sa *peace talks*. Habang buong katapatan at kapursigihang isinusulong ng CPP-NPA-NDFP ang *peace talks*, lantarang pinipigilan ng LEA ang pag-usad nito. Hindi interesado ang rehimen na lutasin ang mga ugat ng armadong tunggalian at kamtin ang tunay, makatarungan at pangmatagalang kapayapaan. Ginagamit ng reaksyunaryong gubyerno ang *peace talks* para pasukuin ang NPA at pigilan ang armadong rebolusyon upang malayang makapaghari ang malalaking burgesya kumprador, panginoong maylupa, burukrata kapitalista at imperyalistang US sa bansa.

Sa kabila nito, nananatiling bukas ang NDFP sa negosasyon para maigiit sa usapan ang interes at kagalingan ng mamamayan. Patuloy na isusulong ng NDFP ang CASER at ang pagbabalangkas ng mga kasunduang papabor sa mamamayan. Samantala, mananatili ang sentral na tungkulin ng Partido at Hukbo na agawin ang pampulitikang kapangyarihan mula sa naghaharing-uri at itayo ang tunay na gubyerno ng mamamayan. Ito ang maghahawan ng landas para sa pagkakamit ng pangmatagalang kapayapaan batay sa hustisyang panlipunan at sa paglulubos ng pambansa at demokratikong adhikain ng mamamayan—isang kaayusang panlipunan na tunay na malaya, makatarungan at masagana. K

## Timeline ng pananabotahe sa peace talks



TUGON NI PATNUBAY DE GUIA

# Paano ipinapakita ng NDFP ang sinseridad nito sa pagpasok sa usapang pangkapayapaan sa GRP?

Ang sinseridad ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) sa pagpasok sa usapang pangkapayapaan sa GRP ay makikita at masusukat sa kagustuhan nitong lutasin ang matagal nang umiiral na pambansa at makauring pagsasamantala't pang-aapi sa sambayanang Pilipino ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata-kapitalismo. Sa pamamagitan ng pagpasok sa usapang pangkapayapaan, ninanais ng NDFP na makakuha ng komon na kasunduan sa reaksyunaryong gubyerno alinsunod sa isinusulong nitong pambansa-demokratikong agenda at programa, upang basagin ang dominasyon sa ekonomiya at pulitika sa bansa ng malalaking burgesya-komprador, panginoong maylupa, burukrata kapitalista at ng amo nilang imperyalistang Amerikano at Tsino. Anumang usapang pangkapayapaan na hindi naglalayong lutasin ang sanhi at ugat ng pagkakaroon ng armadong tunggalian at magbibigay daan sa pagkakamit ng makatarungan at matagalang kapayapaan sa bansa ay peke at hungkag tulad ng mga kasunduang pangkapayapaan na pinasok ng reaksyunaryong gubyerno sa bandidong grupong RPA-ABB, CPLA at iba pang grupong *pseudo-revolutionaries*.

Pumapasok ang NDFP sa peace talks tangan ang mga katanggap-tanggap na unibersal na prinsipyo ng pambansang soberanya, demokrasya, hustisyang panlipunan at karapatang pantao. Ito ang mga prinsipyong sinasalalayan ng The Hague Joint Declaration ng 1992 na una at makaysayang kasunduan na pinasok ng NDFP at ng GRP sa panahon ng administrasyong Ramos. Ang The Hague Joint Declaration na nagsisilbing pangkalahatang balangkas sa usapang pangkapayapaan ay patuloy na iginigiit at ipinaglalaban ng NDFP laban sa mga pagtatangka na isantabi at balewalain ito ng mga sumunod na rehimen hanggang kay Duterte.

Ang pagsasantabi at pagbabalewala sa mga kasunduan na nilaman ng The Hague Joint Declaration of 1992 at mga kasunod pang kasunduan tulad ng Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantee (JASIG) at Comprehensive Agreement on the Respect of Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) ay hindi nakatuntong sa paglutas sa sanhi at ugat ng armadong tunggalian sa bansa at sa gayon, sumasalungat sa pagkakamit ng makatarungan at matagalang kapayapaan sa Pilipinas. Ganito ang kasalukuyang paninidigan at aktitud ng pasistang rehimeng US-Duterte sa urong-sulong nitong postura sa negosasyong pangkapayapaan sa NDFP.

Hindi nangangamba ni nababahala man lang ang NDFP kahit lubusan nang tinalikuran ng rehimeng Duterte ang pagkakaroon ng seryosong usapang pangkapayapaan sa NDFP. Malalim ang sapul ng NDFP na ang pangunahing paraan para maigiit ang mga kahilingang pambansa at demokratiko ng mamamayan ay sa pamamagitan ng armadong pakikibaka. Na ang pagpasok sa usapang pangkapayapaan sa isang katunggaling armadong pwersa at gubyerno ay dapat maglingkod sa pagkakamit ng mga kahilingang ito ng sambayanang Pilipino kahit hindi pa man lubos na nagtatagumpay ang rebolusyon sa buong bayan.

Sa harap ng umiral na gyerang sibil sa bansa, ang rebolusyonaryong kilusan na pinamumunuan ng Communist Party of the Philippines-MLM (CPP-MLM) ay laging handang humarap sa negosasyong pangkapayapaan sa reaksyunaryong gubyerno bilang pwersang kapantay at belligerent. Usapin na lang kung sino sa dalawang panig ang tunay na ang sinsero.

Sa ganitong diwa binibigyan ng halaga ng NDFP, bilang kinatawan ng rebolusyonaryong kilusan, ang pagpasok sa usapang pangkapayapaan sa GRP bilang isang arena ng labanan sa pagkakamit ng tagumpay para sa kagalingan at interes ng sambayanang Pilipino. Tulad ng pakikibakang parlamento at kilusang masa, ang usapang pangkapayapaan ay mahalagang larangan ng pakikibaka para sa unti-unting pagpapabagsak sa malakolonyal at malapyudal na sistema ng bansa at halinhan ito ng isang malaya, demokratiko at maunlad na Pilipinas.

Sa kabilang banda, matatag na tinatanganan ng NDFP ang paninindigan nito na magkakaroon lamang ng makatarungan at matagalang kapayapaan sa bansa kung malulutas ang sanhi at ugat ng armadong tunggalian sa lipunan. Ito ay konsistente at umaalinsunod sa linya ng Partido na tanging sa pagtatagumpay lamang ng demokratikong rebolusyon ng bayan (DRB) malulubos ang matagal nang hangarin ng sambayanan na magkaroon ng masaganang buhay ang nakararaming Pilipino, umiiral ang tunay na kalayaan at demokrasya at pinakikinabangan ng lahat ang produkto ng isang maunlad na bansang Pilipinas. Sa pagtatagumpay ng DRB at sa kagyat na kasunod na sosyalistang rebolusyon at konstruksyon, mabibigyan ng katuparan ang adhikain ng sambayanang Pilipino para sa isang makatarungan at matagalang kapayapaan sa bansa.

Kaya may usapang pangkapayapaan man o wala magpapatuloy ang adhikain ng NDFP na ibagsak ang malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino. Ang pagtalikod at pagbabalewala ng gubyernong Duterte sa usapang pangkapayapaan sa NDFP ay hindi kabiguan o malaking kawalan sa

NDFP at taumbayan. Hanggat tangan nito ang armadong pakikibaka bilang pangunahing porma ng pakikibaka sa pagkakamit ng makatarungan at matagalang kapayapaan sa bansa, hindi ito malilinlang at mabibitag sa pagsuko at kapitulasyon na siyang linya at gustong mangyari ng reaksyunaryong gubyernong Duterte.

Hanggang sa kasalukuyan patuloy na ipinapataw at iginigiit ni Duterte ang mga kundisyon bago simulan muli ang nauntol na negosasyong pangkapayapaan sa NDFP tulad ng pagdedeklara muna ng tigil-putukan bago ang pag-uusap, na sa Pilipinas gawin ang pag-uusap at hindi sa ibayong dagat at nyutral na lugar at sa paggigiit na gawin ang negosasyon sa balangkas ng reaksyunaryong Konstitusyon na maliwanag na isang linya ng kapitulasyon para pasukuin ang NDFP.

Nais ni Duterte na bitagin si Kasamang Joma Sison, Chief Political Consultant ng NDFP, na umuwi sa Pilipinas para sila magkausap kahit walang malinaw na tinutungo at inaaabot na kasunduan ang mga impormal at *backchannel* na pag-uusap sa NDFP na ginagawa ng mga emisaryo ng rehimen.

Dapat ding alisin ang mga sagka sa pagpapatuloy ng negosasyon tulad ng pagbawi sa mga sumusunod:

1. Proclamation No. 360 ng Nov. 23, 2017 na opisyal na nagdedeklara na terminado na ang usapang pangkapayapaan ng GRP sa NDFP;

2. Proclamation 374 noong Disyembre 5, 2017 na nagdedeklarang mga "terorista" ang mga rebolusyonaryong organisasyon ng CPP-NPA-NDFP;

3. Executive Order No. 70 na nagmimilitarisa sa gubyernong sibilyan sa pamamagitan ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict at ng *whole-of-nation approach* na inilabas niya noong Disyembre 4, 2018;

4. Panghuli, pag-atras sa *proscription* sa CPP-NPA bilang mga teroristang organisasyon alinsunod sa RA 9372 o Human Security Act of 2007 na nakasampa sa mababang korte.

Wala na ring silbi ang Office of the Presidential Adviser on the Peace Processes (OPAPP) na pinamumugaran ngayon ng mga dating opisyal ng miltar at pulis at kasalukuyang pinamumunuan ng retiradong si General Carlito Galvez na dating hepe ng AFP. Si General Galvez ang isa sa masugid na mga gabinete ni Duterte, kasama sina Lorenzana, Esperon at Año, na lantarang tumututol sa muling pagbubukas ng usapang pangkapayapaan sa NDFP.

Sa harap ng lubusang pagtalikod at kawalan ng sinseridad ng gubyernong Duterte na pumasok sa isang seryosong usapang pangkapayaan sa NDFP, walang ibang dapat gawin ang rebolusyonaryong kilusan at mamamayang Pilipino kundi ang lalong palawakin at paigtingin ang pakikidigmang gerilya sa buong kapuluan. Mag-ipon ng panibagong lakas sa pamamagitan ng pagpapaigting ng mga pakikibakang masa kapwa sa kanayunan at kalunsuran sa paraang armado at di-armado, hayag at lihim, ligal at iligal at mag-antay sa pakikipag-usap ng NDFP sa panibagong gubyernong papalit sa pasistang rehimeng US-Duterte bago o pagkatapos ng kanyang panunungkulan sa Hunyo 30, 2022. K



*33 taon matapos ang Mendiola Massacre*

# Panlipunang hustisya, hangad pa rin ng mga magsasaka

Noong Enero 22, 1987, libu-libong magsasaka kasama ang mga manggagawa, maralitang lungsod at kabataan ang nagmartsa sa Mendiola dala ang kanilang panawagan para sa kagyat na pamamahagi ng lupa. Militante ngunit mapayapa ang kanilang pagkilos. Hindi sila natakot sa mga pulis na nagbarikada at humarang sa daan patungong Malacañang. Subalit bago pa nila maabot ang harang, pinaatras na sila ng walang patumanggang pamamaril ng mga pwersa ng estado.

Higit 60 sa mga nagprotesta ang nasugatan. 39 ang tinamaan ng bala. At 13 magsasaka, sina Danilo Arjona, Leopoldo Alonzo, Adelfa Aribe, Dionisio Bautista, Roberto Caylao, Vicente Campomanes, Ronilo Dumanico, Dante Evangelio, Angelito Gutierrez, Rodrigo Grampan, Bernabe Laquindanum, Sonny Boy Perez at Roberto Yumul, ang nasawi sa tinaguriang Mendiola Massacre. Pito sa 13 nasawi ay mula sa Laguna. Hanggang ngayon, 33 taon matapos ang masaker, ay wala pa ring hustisya para sa mga biktima.

Ang masaklap, maririnig pa rin hanggang ngayon ang mga panawagan na dinala ng mga magsasaka sa Mendiola hanggang sa kanilang kamatayan. Hiling pa rin ng mga magsasaka ang tunay na reporma sa lupa at pagwasak sa monopolyo sa lupa ng iilan. Nagpapatuloy, at sa katunaya'y tumitindi pa, ang pang-aapi at pagsasamantala sa uring magsasaka.

**Kalagayan ng magsasaka sa ilalim ng rehimeng US-Duterte**

Sa kasalukuyang rehimeng US-Duterte higit pang naging busabos ang kalagayan ng magsasaka. Napakababa ng presyo ng palay na umabot ng P12/kilo sa ilang bayan sa Mindoro dahil sa Rice Tariffication Law na nagpasidhi sa importasyon ng bigas. Luging-lugi ang mga magniniyog sa Quezon sa P10/kilo ng kopra at P2/buô na pinakamababang presyo noong 2019. Hirap naman ang mga plantadores sa Batangas na makipagsabayan sa napakababang presyo ng imported na asukal sa pamilihan.

Habang barat na barat ang presyo ng mga produktong pang-agrikultura ay patuloy ang pagsirit ng presyo ng mga batayang bilihin tulad ng langis, bigas at pagkain dahil sa taas ng implasyon at dagdag buwis na ipinapataw ng rehimen. Wala ring subsidyo para sa mga magsasakang biktima ng mga sakuna, sa halip, pautang ang inihahain ng reaksunaryong gubyerno.

Sa napakasalimuot na kalagayan ng mga magsasaka, hindi nakapagtatakang umatras ang sektor ng agrikultura. Bumagsak tungong 0.8% ang tantos ng paglago ng sektor noong 2018 mula sa 4% noong 2017, indikasyon ng patuloy na pagbagal at pagliit ng produksyong pang-agrikultura ng bansa.

Resulta ito ng pagpapatupad ng reaksyunaryong estado sa mga neoliberal na kasunduan sa agrikultura na pakana ng imperyalistang World Trade Organization. Sa dikta ng imperyalismo, malayang ipinapasok sa Pilipinas ang mga imported na produktong pang-agrikultura sa kapinsalaan ng lokal na mga magsasaka habang lansakan at malawakan ang pagpapalit-gamit ng lupa o *land use conversion* (LUC) na pabor sa mga kumpanya ng pagmimina at iba pang kasangkapan ng agresyong pang-ekonomiko ng mga imperyalista.




Naging pangunahing instrumento sa pagpapalit-gamit ng lupa ang huwad na Comprehensive Agrarian Reform Program na sinimulang ipatupad noong 1988 ng rehimeng Corazon Aquino. Dahil sa CARP at LUC, lumiit ang lupang masasaka tungong 7.3 milyong ektarya mula sa 9.7 milyong ektarya noong 1980. Tiyak na lalo itong kikitid sa oras na maisabatas ng rehimeng Duterte ang National Land Use Act na magpapabilis sa kumbersyon ng lupa mula agrikultural tungong residensyal, komersyal, engklabong industriyal, pang-ekoturismo at iba pang gamit ng reaksyunaryong gubyerno.

Bahagi rin ng iskema ng neoliberalismo ang pagpapahintulot sa mga dayuhang korporasyon na gamitin ang lupa ng mga magsasaka bilang plantasyon ng kanilang mga produkto at hilaw na materyales para sa pandaigdigang pamilihan. Halimbawa nito ang mga plantasyon ng *palm oil* sa Palawan at *industrial crop* gaya ng tuba-tuba (jathropa) at balinghoy (cassava) para sa *biofuel* sa Quezon.

**Sigalot sa lupa sa TK**

Nakapaghahari ang imperyalistang interes sa agrikultura dahil nananatili sa bansa ang monopolyo at kontrol ng iilan sa lupa. Sinadyang lagyan ng mga anti-magsasaka at elitistang probisyon ang CARP upang padaliin ang pangangamkam ng lupa at hawanin ang daan para sa pagpasok ng mga korporasyon sa mga lupang pansaka. Nagbunsod ito ng matitinding tunggalian sa lupa na lumulundo sa karahasan laban sa mga magsasaka tulad ng nangyari sa Mendiola Massacre.

Sa rehiyon ng TK, higit 400,000 ektarya ang saklaw ng mga kasong agraryo at higit 900,000 ektarya ang sinasakop at tinatarget ng mga kumpanya ng mina. Sa mga kasong agraryo tampok ang LUC na nananalasa sa TK sa pamamagitan ng Project CALABARZON. Matindi ang epekto nito sa Laguna kung saan 66% o 2/3 na ng lupang pang-agrikultura ang nakumbert sa ibang gamit.

Samantala, sa Batangas naitala ang pinakaraming kasong agraryo. Pinagnanasaan ng mga burgesya kumprador katulong ang reaksyunaryong gubyerno na gawing sentro ng ekoturismo ang probinsya at dambungin ang mga likas na yaman nito. Libu-libong mamamayan sa Lian at Nasugbu ang napalayas at nanganganib mapalayas ng mga proyektong ito.

Talamak din ang pang-aagaw ng lupa gamit ang mga kwestyonableng probisyon sa batas sa lupa at CARP. Biktima nito ang mga magsasaka sa Lupang Ramos at Kapdula sa mga bayan ng Silang at Dasmariñas, Cavite na sinaklaw ng CARP. Hinaharap nila ang pangangamkam ng mga dating PML at mga ahente ng kumpanyang nais magkumbert sa mga sakahan.

Malaki namang banta sa mga mala-paraisong isla ng Mindoro at Palawan ang pagmimina, quarry, dam at mga proyektong renewable energy na nais itayo sa mga mayor na katubigan at kabundukan ng mga ito. Pangunahing pinipinsala nito ang pamumuhay ng mga katutubo at inaagaw ang kanilang lupaing ninuno.

Ang mga kalagayang ito ang nagbubunsod ng paglaban ng mga magsasaka. Sa TK makikita ito sa mga kilusang okupasyon, bungkalan, balik-saka, at samu't saring anyo ng protesta na inilulunsad ng iba't ibang samahang magsasaka at katutubo sa buong rehiyon.

Tulad ng naganap sa Mendiola noong 1987, dahas ang isinasagot ng mga ahente ng estado at ng kanilang mga amo sa pagtindig ng mga magsasaka. Mga tropa ng AFP at PNP ang nagsisilbing gwardya ng mga itinatayong proyekto sa mga kinamkam na lupa. Sila rin ang mga bayarang *goon* na bumubuwag sa mga kampuhang bayan at nagbabanta't nanghaharas sa nakikibakang mamamayan.

Ngunit hindi basta-basta mananahimik ang mga magsasaka. Hindi sila nagsasawang ulit-ulitin ang mga panawagan na isinigaw sa Mendiola, 33 taon nang nakalipas. Hindi sila aatras ilan mang batalyon ng sundalo at pulis ang gamitin laban sa kanila. Inspirasyon nila ang mga kasamang nagbuwis ng buhay sa pagsusulong ng karapatan sa lupa at paghahanap ng panlipunang hustisya para sa uring magsasaka at lahat ng uring inaapi't pinagsasamantalahan.

*BANTAY KARAPATAN*

# 2 sibilyan, pinatay ng 203rd Brigade sa Mindoro

Dalawang sibilyan ang walang awang pinatay ng berdugong 203rd Brigade sa ilalim ni Col. Antonio Lastimado sa Oriental Mindoro sa gitna ng mga bigo nitong atake kontra sa Bagong Hukbong Bayan - Mindoro.

Isa sa mga biktima ang kabataang si Mark Ederson Valencia delos Santos, 21. Nakatira ang biktima malapit sa sayt ng pinaglabanan ng pinagsamang 76th IBPA at PNP-MIMAROPA kontra sa BHB-Mindoro sa Barangay Happy Valley, Socorro, Oriental Mindoro noong Enero 31.

Nauna rito'y sinalbeyds si JR Mercado, 26, isang organisador ng mga katutubo't magsasaka sa Oriental Mindoro. Nawala si Mercado noong Enero 26 habang nagsasagawa ng konsultasyon sa mga magsasaka sa Bulalacao, Oriental Mindoro. Pinaghihinalaan ng kanyang mga kaanak na dinukot siya't pinahirapan bago pinatay kaya hanggang ngayon ay hindi ipinapakita sa kanila ang kanyang katawan.

Sa parehong kaso, pinalalabas ng AFP-PNP na mga kasapi ng BHB-Mindoro ang mga biktima. Nilagyan ng 76th IB ng baril si delos Santos na ipinipresinta ng mga sundalo na kaswalti sa labanan sa Socorro. Samantala, nagpapakalat ang 4th IB ng balita na namatay si Mercado sa isang pekeng engkwentro sa Barangay Cambunang, Bulalacao, Oriental Mindoro noong Enero 26.

Mariing pinabulaanan ni Ka Madaay Gasic, tagapagsalita ng Lucio de Guzman Command - BHB Mindoro ang mga pahayag ng 203rd Brigade. Nanawagan siya sa mamamayan sa Isla ng Mindoro na nagmamahal sa karapatang pantao na kumilos upang mabigyan ng katarungan ang mga biktima at mapanagot ang AFP-PNP sa mga karumal-dumal nitong krimen.

# Tuloy ang laban!

## Mga manggagawa ng Nissen laban sa pang-aapi at kontraktwalisasyon

Bumibilang sa halos 2.65 milyon ang lakas paggawa sa lalawigan ng Cavite, isa sa mga probinsyang pinasok ng iba't ibang pagawaan at industriya sa ilalim ng Project CALABARZON. Umabot sa 898 establisimyentong pang-industriya at 56 engklabo ang naitala sa lalawigan noong 2013.




Daang libong manggagawa sa Cavite ang nagtatrabaho sa mga engklabo na mistulang impyerno dahil sa matinding pang-aapi at pagsasamantala na umiiral sa loob nito. Ngunit hindi natutupok ng impyernong ito ang diwang palaban ng mga manggagawa. Sa gitna ng gipit nilang kalagayan, umuusbong ang pakikibaka para sa seguridad sa trabaho, pagtatayo ng unyon, nakabubuhay na sahod at demokratikong karapatan. Ito ang ipinapakita ng higit isang taong pakikibaka ng mga manggagawa ng Nissen Electronics sa Daiichi Industrial Park Special Economic Zone sa Silang, Cavite.

**Mula Japan tungong Laguna, hanggang Cavite**

Ang Nissen Electronics Philippines ay isang kumpanyang Hapon na gumagawa ng *fuse* para sa mga sasakyan. Nagsusuplay ito sa mga kumpanya tulad ng Toyota, Nissan, Ford at Isuzu. Pagmamay-ari ito ng Nippon Seisen Cable, Ltd na nagtala ng kabuuang *consolidated sales* na 10 bilyong Yen (P4.6 bilyon) noong Marso 2018.

Nagsimula ang operasyon ng Nissen Electronics Philippines sa TK noong 2009 sa Laguna Technopark Incorporated at lumipat sa Daiichi Industrial Park taong 2016. Kasabay ng paglipat ng pagawaan ang pagbaba ng sahod ng manggagawa dahil mas mababa ang *minimum wage rate* sa Silang (P351.50) kaysa sa Laguna Technopark (P378.50).

Dagdag na abuso sa mga manggagawa ng Nissen ang sapilitang *overtime* dahil dalawa lamang ang shift rito na tinatawag nilang 6 to 6. Hindi bayád ang *holiday* at *day-off,* at sinisingil din sa mga empleyado ang gastos sa uniporme at *personal protective equipment*.

Noong 2018, nasa 468 ang mga kontraktwal sa kabuuang bilang na 493 manggagawa ng Nissen. Kalakhan sa mga ito ay babae, 412, habang 56 naman ang mga lalaki. Ginagamit ng Nissen ang *manpower agency* na Career Power Professional Mgt. Services na pagmamay-ari ni Edgardo Etac sa pagpapatupad ng kontraktwalisasyon. Pinalalabas ng Nissen na wala itong direktang obligasyon sa mga manggagawa dahil ang ahensya ni Etac ang tunay na nag-eempleyo sa kanila.

**Paggigiit ng karapatan**

Ang hangaring mapabuti ang kanilang kalagayan ang nagtulak sa mga manggagawa ng Nissen na itatag ang Manggagawang Regular at Kontraktwal sa Nissen Electronics Phils. – Liga (MAREKONEP-LIGA). Ito ang naging sandigan ng kanilang laban para sa regularisasyon na hinudyat ng paghahain ng isang empleyadong walong taon nang nagtatrabaho sa Nissen ng *request for inspection* sa Department of Labor and Employment–CALABARZON noong Hulyo 2018.

Sa sulat sa DOLE, inisa-isa ng mga manggagawa ang mga paglabag sa batas at hindi maayos na pagtrato ng Nissen sa kanila, kabilang ang kontraktwalisasyon at underpayment ng *minimum wage, overtime, 13th month pay, holiday* at *night differential*. Ganundin ang hindi pagbabayad ng *service incentive leave*, iligal na kaltas, diskriminasyon sa *shuttle* at mga isyu sa *occupational safety and work hazards*. Sinundan ito ng kilos protesta sa harap ng opisina ng DOLE sa Trece Martires City noong Disyembre 11, 2018 para sa agarang paglalabas ng desisyon hinggil sa isyu ng mga manggagawa ng Nissen.

Iligal na pagtatanggal ang naging tugon ng Nissen sa pagkilos ng mga manggagawa. Ayon sa ahensyang Career Power, hindi na papayagang makapasok sa Nissen mula Enero 3,

2019 ang 21 manggagawa na kasali sa laban para sa regularisasyon.

Sa halip na maduwag, lalong tumapang ang mga manggagawa ng Nissen. Isinabit nila ang kanilang mga plakard at panawagan sa bakod ng pagawaan ng Nissen. Ipinagsigawan nila ang kanilang mga kahilingan sa harap ng mga pulis at sundalong nagbabantay sa loob at labas ng Daiichi Industrial Park.

Hindi nilubayan ng mga manggagawa ng Nissen ang DOLE hanggang sa maglabas ito ng desisyon noong Pebrero 2019 pabor sa pagdedeklarang regular ang 502 kontraktwal, kasama ang mga tinanggal noong Enero. Tagumpay ito ng sama-samang pagkilos na tumindig sa gitna ng panggigipit ng mga kapitalista.

**Panibagong tanggalan, panibagong laban**

Dahil walang pangil ang mga kautusan ng DOLE na inapela rin ng kumpanya, patuloy ang paglabag sa karapatan ng mga manggagawa. Nitong Setyembre 13, muling nagtanggal ang kumpanya ng 89 manggagawa. Karamihan sa mga tinanggal ay matagal nang empleyado ng Nissen.

Panibagong bugso ng mga pagkilos ang ikinasa ng mga manggagawa. Nagtayo sila ng piket-protesta sa harap ng Daiichi Industrial Park. Regular din silang nagsasagawa rito ng *prop action* at programa kasabay ng pagpasok at paglabas ng mga manggagawa sa engklabo. Panawagan nilang maibalik sa trabaho at kilalaning regular ang mga kasamahan nilang iligal na tinanggal ng kumpanya.

Hanggang ngayon ay patuloy ang laban ng mga manggagawa ng Nissen. Patuloy ring gumagawa ng hakbangin ang Nissen upang supilin ang kanilang pakikibaka. Maaaring magtagal pa ang labang ito, ngunit isang bagay ang tiyak: nagsimula na ang kabiguan ng kapitalista sa oras ng pagkamulat ng manggagawa sa pagsasamantalang ginagawa sa kanya. K

# Largadong FMO ng AFP-PNP, naghahasik ng teror sa TK

Ipinakikita ng largadong *focused military operation* (FMO) ng AFP-PNP sa rehiyon ng TK ngayong Enero na sila ang pangunahing terorista at tagalabag ng karapatang tao sa bansa. Dinidirehe ng Southern Luzon Command sa ilalim ng bantog na berdugong si Gen. Antonio Parlade ang lakas-dibisyong tropa na ginagamit sa mga FMO sa iba't ibang probinsya ng TK.

"Ang tumitinding FMO ng AFP-PNP sa TK ay palatandaan ng kabiguan nitong lipulin ang BHB-TK. Upang pagtakpan ang kanilang kabiguan, binabalingan ng mga pasistang tropa ang mamamayan at nag-iimbento ng mga pekeng balita at paninira hinggil sa rebolusyonaryong kilusan," pahayag ni Armando Cienfuego, tagapagsalita ng Melito Glor Command - BHB TK.

Sa Quezon, tuluy-tuloy ang operasyon ng 201st Brigade ng Philippine Army at PNP-CALABARZON sa mga barangay ng Villa Espina, Pisipis, at Vergania sa bayan ng Lopez mula Enero 10 hanggang Enero 30. Mula Enero 13 naman ay hindi nilubayan ng halos isang batalyong pwersa ng 85th IB at PNP ang ilang barangay sa Gumaca, Quezon. Nagtayo rin ang 85th IB at PNP ng mga *checkpoint* sa Gumaca at iba pang bayan sa Timog Quezon simula ng ikatlong linggo ng Enero

Isang batalyon naman ng 1st IB ng Philippine Army, PNP at CAFGU ang nag-ooperasyon sa mga bayan ng Real, Sampaloc at Mauban sa Quezon at mga bayan ng Kalayaan at Luisiana sa Laguna mula pa noong ikalawang linggo ng Enero hanggang sa kasalukuyan.

Samantala, ginalugad ng mga pwersa ng 203rd Brigade at PNP-MIMAROPA ang mga interyor at piling barangay sa kapatagan sa bayan ng Rizal at San Jose sa Occidental Mindoro at Bulalacao, Mansalay, Victoria at Socorro sa Oriental Mindoro mula Enero 8 hanggang ngayon. Gumagamit ang kaaway ng dalawang kumpanya ng tropa nito sa bawat cluster na saklaw ng FMO.

Target naman ng kasalukuyang bugso ng FMO sa isla ng Palawan ang 32 baryong ipinipilit ng Western Command ng AFP at Provincial Task Force to End Local Communist Armed Conflict na diumano'y mga base ng NPA. Ang mga baryong ito ay pawang nasa timog ng isla, partikular sa mga bayan ng Quezon, Rizal, Bataraza, Brooke's Point at Sofronio Española kung saan ipinuwesto ang 1st Police Mobile Company ng Palawan PNP.

Katambal ng mga FMO ang lansakang paglabag sa karapatan ng mamamayan at panggugulo sa pamumuhay ng mga apektadong komunidad. Mga halimbawa nito ang iligal na paghahalughog at pagbibinbin sa isang dyip sa isang *checkpoint* sa Gumaca, Quezon at ang walang habas na pamumutok ng mga sundalo na nagresulta sa pagkapatay ng kalabaw ng isang magsasaka sa Rizal, Occidental Mindoro.

Tampok din ang panghaharas sa tatlong kabataang Tadyawan sa Barangay Happy Valley, Socorro, Oriental Mindoro noong Enero 12, kung saan sinakal ng mga sundalo ang tatlong kabataan at pinaghukay ng kanilang sariling libingan. Dahil sa FMO, sapilitang pinalikas ang mga residente mula sa anim na sityo sa tatlong barangay ng Socorro at apat na sityo sa tatlong barangay ng Victoria simula Enero 15.

"Tulad ng nangyari sa mga naunang rehimen, tiyak na mabibigo ang rehimeng Duterte at ang AFP-PNP sa layunin nitong gapiin ang rebolusyon, kahit pa patindihin ng ilampung beses ang mga FMO. Tatapatan ng NPA-ST ng ibayong tapang at sakripisyo ang higit na bangis ng kaaway, at paulit-ulit nitong palalasapin ng pagkatalo ang pasista at mersenaryong hukbong kinasusuklaman ng mamamayan," ani Cienfuego. K

# Bukas na liham para sa mamamayan ng Batangas na nasalanta ng pagputok ng bulkang Taal

**Mula kay Patnubay de Guia**
**Tagapagsalita, National Democratic Front of the Philippines - Southern Tagalog**

Para sa mahal naming mga kababayan sa Batangas at mga karatig probinsya nito:

Ang National Democratic Front of the Philippines-Southern Tagalog (NDFP-ST) at mga kaalyadong organisasyon nito sa rehiyon ay karamay at kaisa ng mga kababayan nating nasalanta at naapektuhan ng pagputok ng bulkang Taal. Tagos sa aming puso't isipan ang hirap at sakit na inyong nadarama sa kasalukuyan at maging ang labis ninyong pag-aalala sa inyong mga naiwang ari-arian, mga alagang hayop, pananim at iba pang kabuhayan. Sa pamamagitan ng mga kaalyadong organisasyon at mga kaibigan ng NDFP-ST, gumawa ito ng mga paraan paano makakatulong mula sa aktwal na paglilikas, pangangalap ng mga pagkain, tubig, gamot, materyal at iba pang pangangailangan ng mga nagsilikas nating mga kababayan. Ang mga naorganisang boluntir ng NDFP-ST ay naruon na sa lugar at sa kasalukuyang naghahatid ng tulong sa mga nasalanta nating kababayan.

Umaapela na rin ang NDFP-ST sa lahat ng ating mga kababayan na magkaloob ng anumang tulong para sa mga nasalanta at naapektuhan ng pagputok ng bulkang Taal. Higit sa anupaman ay sumalig tayo sa sariling lakas, pagsasama-sama at pagdadamayan upang harapin at makabangon mula sa trahedyang dulot ng natural na kalamidad.

Patuloy pang nakataas ang babala ng Philippine Institute of Volcanology and Seismology (Philvocs) na sa anumang oras o mga araw maaaring mapanganib na pumutok ang bulkang Taal at magdulot pa ito ng tinatawag ng Philvocs na *volcanic tsunami*. Pinapayuhan namin ang lahat ng ating mga kababayan na agaran nang magsilikas lalo na ang mga naninirahan sa tinaguriang mapanganib na mga lugar (danger zones). Ang iba pang mga boluntir ng NDFP-ST ay nagsitungo na rin sa lugar upang tumulong at maisagawa ang organisadong paglilikas sa ating mga kababayan na naiipit pa sa mga mapanganib na lugar dahil sa mabagal na pagdating ng tulong mula sa gubyernong Duterte at kakapusan naman ng mga lokal na gubyerno.



Sa harap ng kainutilan ng gubyernong Duterte na mabilis na ihatid ang tulong sa mga nasalanta ng pagputok ng bulkang Taal, nauna pang magpadala ang lokal na pamahalaan ng Pampanga ng 50 sasakyang *convoy* ng mga *medical volunteers* at *rescue teams*, mga gamot, 8,000 *food packs* at iba pang pangangailangan ng mga biktima habang si Gobernador Suarez ng Quezon ay isang 7-kataong *rescue team* lamang ang ipinagmamalaking naipadala nya.

Ang pagputok ng bulkang Taal ay may pangmatagalang epekto sa pananim at iba pang kabuhayan ng mga magsasaka, manggagawang bukid, mangingisda at iba pa lalo na yaong umaasa ang kabuhayan sa lawa ng Taal gayundin sa komersyo at iba pang pang-ekonomiyang aktibidad sa probinsya. Ang abo at buhangin na ibinuga ng pagputok ng bulkang Taal ay sisira sa kabahayan, sa libong ektarya ng pananim ng mga magsasaka hindi lamang sa mga bayang nakapalibot sa lawa ng Taal kundi maging sa kalapit na bayan sa loob ng probinsya ng Batangas, mga bayan sa hangganan ng Cavite, Laguna, Quezon at sa islang probinsya ng Mindoro. Napakalaki na din ang dinulot na pinsala sa mga fishpens/ fish cages na nasa sa lawa ng Taal kung saan libong mangingisda ang apektado ang kabuhayan. May ulat na apektado din ang kita ng mga mangingisda sa mga baybaying dagat sa kanlurang Batangas hanggang sa dulong norte ng dalawang probinsya ng Mindoro dulot ng buga ng abo at buhangin ng pagputok ng bulkang Taal.

Sa ganitong kalagayan, hindi lamang nakatuon ang pansin ng NDFP-ST sa kagyat na pagtulong sa paglilikas at pagsasagawa ng mga *relief operation* sa mga nasalanta ng kalamidad dulot ng pagputok ng bulkang Taal. Nakatuon na rin ang atensyon ng NDFP-ST sa kasunod na yugto—ang rehabilitasyon. Sa katunayan, may mga inisyal na plano nang nabuo ang pamunuan ng NDFP-ST at mga magkakaalyadong organisasyon sa ilalim nito kung paano makakatulong sa gagawing pangmatagalang rehabilitasyon at pagbabangon muli ng kabuhayan ng mga nasalanta sa pagputok ng bulkang Taal.

Titiyakin ng rebolusyonaryong kilusan, sa abot ng kanyang makakaya, na maihatid sa taumbayang nasalanta at naapektuhan ng pagputok ng bulkang Taal ang mga kinakailangang tulong para sa rehabilitasyon ng kanilang mga nasirang kabahayan at kabuhayan. Batid namin na

napakabigat na pasanin ang usapin ng rehabilitasyon. Bilyong halaga ang kailangan. Pero naniniwala kami na kapag malakas at masigla ang pagtutulungan at damayan nating lahat, kabilang ng iba pa nating mga kababayan sa Luzon, Visayas, Mindanao at mga nasa ibayong dagat, kakayanin nating makaalpas at makabangon muli sa pinsalang dulot ng pagputok ng bulkang Taal.

Subalit kailangan nating kumilos at makibaka upang ipanawagan at igiit sa gubyernong Duterte na laanan ng malaking pondo ang pagtulong at rehabilitasyon sa mga nasalanta at naapektuhan ng pagputok ng bulkang Taal. Ipanawagan na ibaling ang pondong nakalaan sa militar at kapulisan tungong pondo sa *relief* at *rehabilitation programs* nito.




Nasasayang lang ang pondo ng bayan na nakalaan sa AFP at PNP sa bigong gyera kontra iligal na droga nito at sa pondong ginagamit sa mga operasyong militar ng mga ito na ang tanging napipinsala ay mga inosenteng sibilyan at kabuhayan ng mamamayan.

Kailangan ding itaas ang pagmamatyag ng mamamayan sa mga tiwaling pulitiko at upisyal ng reaksyunaryong gubyerno na sasamantalahin ang kalamidad na ito upang magkaroon ng oportunidad na ibulsa ang milyun-milyong calamity fund na para sa mamamayan.

Kailangang magkaisa, kumilos at makibaka ang taumbayan para ipanawagan ang matagalang *moratorium* sa pagbabayad ng mga magsasaka sa upa sa lupa sa mga panginoong maylupa, sa taunang pagbayad sa certificate of land ownership award (CLOA) sa ilalim ng bogus na repormang agraryo ng pasistang rehimeng US-Duterte at sa pagbayad ng kanilang pagkakautang at paniningil mula sa mga institusyong pinansyal at *financial cooperatives*. Lalong kailangang ngayon ng kilusang masa na isulong at ipursige ang mga pakikibaka para sa pagkakaroon ng trabaho, disenteng hanapbuhay, nakabubuhay na sahod, libre at murang pabahay, pagpapababa ng presyo ng mga pangunahing bilihin at mura at abot kamay na serbisyong pampubliko.

Mahalaga ding ipanawagan sa gubyerno ang moratorium sa pagbabayad ng dayuhang utang at pagsasantabi sa mga kwestyunableng utang na pinasok ng mga nakaraang rehimen at ng rehimeng Duterte sa bansang China at sa iba pang mga imperyalistang bansa lalo na sa Estados Unidos. Ang ibabayad sa utang ay dapat ilaan bilang pondo sa rehabilitasyon at tulong pangkabuhayan sa mga nasalanta at naapektuhan ng pagputok ng bulkang Taal.

Higit sa lahat, dapat kumilos at makibaka ang taumbayan para igiit sa pasistang rehimeng US-Duterte na itigil na ang pagpapatupad ng mga anti-mamamayang patakaran at polisiya na lalong nagpapahirap sa taumbayan dahil sa masugid na pagsunod nito sa mga imperyalistang imposisyon sa bansa ng US sa anyo ng neoliberalistang programa na pribatisasyon, deregularisasyon, liberalisasyon at denasyunalisasyon. K

*BALITA*

# Tulong at suporta mula sa mamamayan, bumuhos para sa mga biktima ng pagputok ng Bulkang Taal

Nangalap ng tulong ang mga *volunteer groups* tulad ng Tulungan sa Taal Network at Southern Tagalog Serve the People Corps (ST STPC) para sa mga biktima ng pagputok ng Bulkang Taal sa Batangas.

Kagyat na nanawagan ang ST STPC ng tulong at suporta para sa mamamayan ng Batangas at mga karatig na bayan ng Cavite, Laguna, Quezon at Mindoro na napinsala ng pagsabog ng bulkan.

Ayon sa ST STPC Coordinator na si John Alicay Acosta, napakalaki ng pinsalang idinulot ng pagsabog ng bulkang Taal sa kabuhayan ng mga magsasaka at laluna sa mga mangingisda na umaasa sa Taal Lake.

Naglunsad din ng serye ng mga *relief operation* ang Tulungan sa Taal Network at ST STPC sa limang evacuation center sa probinsya ng Batangas. Nag-abot din sila ng tulong sa mga *in-house evacuees* o mga bakwit na wala sa mga *evacuation center*.

Bukod sa pamamahagi ng *relief goods*, naglunsad din ang mga boluntir ng *information campaign* at nagbigay ng tulong *psychosocial* sa mga biktima ng sakuna. Tinalakay ng ST STPC sa mamamayan ang kasaysayan ng Bulkang Taal at mga aktibidad nito upang ihanda sila sa mga kasunod pang risgo at panganib at maiwasan ang *mass hysteria*.

Sa ulat ng ST STPC, malaki ang pangamba ng mga biktima sa pang-matagalang epekto ng kalamidad sa kanilang mga pamilya at kabuhayan. Ang hinihingi ng mga biktima ay tulong sa kabuhayan na walang kapalit at hindi pautang katulad ng ipinapakana ng reaksyunaryong gubyerno. K

# Atake ng US sa Iran: Pagpapatuloy ng mapandigmang kasaysayan ng US sa Middle East

Sa harap ng estratehikong paghina, ibayong nagiging masahol ang mapandigmang katangian ng imperyalismong US. Noong Enero 2, pataksil na pinatay ng US si General Qassem Soleimani, kumander ng Iranian Revolutionary Guards elite Quds Force gamit ang mga *drone strike* sa *convoy* ni Soleimani malapit sa Baghdad International Airport sa Iraq. Matapos ang atake, walang kahihiyang inamin ni US President Donald Trump na siya ang nag-utos ng nasabing airstrike na pumatay kay Soleimani at siyam na iba pa.

Ayon kay Trump, pinatay nila si Soleimani upang biguin ang paghahanda ng huli na pag-atake sa US. Ginawa at idineklara ito ng US nang hindi man lang nagbigay ng anumang patunay na may binabalak ang Iran na pagsalakay sa nangungunang mapandigmang imperyalista sa daigdig.

Malaon nang sinisipat ng mapandigmang US ang Iran sa kanilang patuloy na panghihimasok at pakikialam sa mga bansa na may malaking reserbang langis at nagpapatupad ng nasyunalisasyon ng industriyang ito.

Laging magiging target ng imperyalistang digma ang anumang bansa na nagnanais ipagtanggol ang kasarinlan at soberanya nito laban sa panghihimasok ng US. Nagsisilbi ang mga gerang ito upang palitan ang mga makabayang gubyerno ng mga papet na rehimen.

**Pakanang kudeta laban kay Mohammad Mosaddegh ng Iran**

Si Mohammad Mossaddegh ang punong ministro ng demokratikong halal na gubyerno ng Iran ng mga taong 1951-1953. Ibinagsak siya ng isang kudeta na inayudahan ng Central Intelligence Agency ng US at ng Secret Intelligence Service ng UK. Iniluklok ng US at UK si General Faziollah Zahedi at pinalitan si Mossaddegh bilang punong ministro. Samantala, masugid namang sinuportahan ang paghahari ni Mohammad Reza Pahlavi, ang ikalawa at huling Shah ng Iran ng angkang Pahlavi na naghari mula 1941 hanggang ibagsak siya ng Rebolusyong Iranian noong 1979.

Krimen ni Mossaddegh sa imperyalismo: isinabansa niya ang industriya ng langis sa Iran na 1913 pang pinaghaharian at kontrolado ng mga British sa pamamagitan ng Anglo-Persian Oil company na sa ngayon ay kilala sa pangalang British Petroleum (BP).


**Kudeta sa Syria noong Marso 1949**

Isang di-madugong kudeta ang isinagawa sa Syria na nagpabagsak sa demokratikong halal na gubyerno ni Shukri al-Quwaiti. Pinalitan ito ng hepe ng Hukbo ng Syria na si Husni al-Za'im na bandang huli ay mapatutunayang sagad-saring tuta ng imperyalismong US. Naging instrumental si Za'im para pirmahan ng Syria ang kontrata sa paglalatag ng Trans-Arabian Pipeline na gagawin ng kumpanya ng US, ang Bechtel. Ang pipeline ay naging magkasanib na negosyo ng Standard Oil of New Jersey (na kilala ngayong ExxonMobil) at ng Standard Oil of California (Chevron ngayon), Texas Company na bahagi ngayon ng Chevron at Socony-Vacuum Oil Company na kasalukuyang pag-aari na ng ExxonMobil.

Gayundin, pinirmahan ni Za'im ang Israel-Syria Armistice Agreement noong July 20, 1949 para matapos ang paglaban sa Israel ng bansang Syria.

**Anim na Araw na Gera ng 1967**

Noong June 1967, inatake ng Israel ang Egypt, Jordan at Syria sa Anim na Araw na Gera. Noong panahong iyon, kilala ang tatlong bansa sa



*“Laging magiging target ng imperyalistang digma ang anumang bansa na nagnanais ipagtanggol ang kasarinlan at soberanya nito laban sa panghihimasok ng US. Nagsisilbi ang mga gerang ito upang palitan ang mga makabayang gubyerno ng mga papet na rehimen.”*

pagtataguyod ng Nasyunalismong Arabo na pinasimulan at itinaguyod ni Gamal Abdel Nasser Hussein ng Egypt. Nagresulta ang gera sa pagkamkam ng Israel sa West Bank, Golan Heights at sa Sinai Peninsula. Sinuportahan ng imperyalismong US ang Israel ng sangkatutak ng armas at patuloy na nagsuporta ng pinansya hanggang dekada ng 1970.

**Gerang Iran-Iraq noong 1980**


Sinuportahan ng US ang Ba'athist Iraq noong digmaang Iran-Iraq dahil gusto nitong ibagsak ang bagong tatag na anti-US na republikang Islamiko sa Iran. Nagbigay ito ng ilang bilyong dolyar na halaga ng tulong pang-ekonomya, pagbenta ng dual technology (kabilang dito ang paggawa ng armas kemikal, armas biolohikal at mga missile at rocket), paniktik militar at pagsasanay sa special operations. Hayagang sinuportahan ng administrasyong Reagan at Bush ang Iraq noong panahon ng digmaan ng huli sa Iran.

**Gerang agresyon sa Iraq noong 2003**

Nagsimula ang pag-atake ng US sa Iraq noong Marso 20, 2003 na tumagal lamang ng isang buwan bago lubusang nasakop ang bansa. Naibagsak nito ang anti-US na gubyernong Saddam Hussein, direktang nasakop ang bansang Iraq, at nakapagtayo ng pro-US na gubyerno. Bandang huli ay lubos na pakikinabangan nito ang yamang langis ng bansa.

**Digmang sibil sa Libya noong 2011**

Nagsimula ito sa protesta ng kalabang paksyon ng rehimen ni Muammar Gaddafi na bandang huli ay lumaki at tumungong digmang mapanakop ng koalisyong US. Itinulak ng US ang United Nations na gumawa ng resolusyon para supilin ang paglaban ng rehimeng Gaddafi sa kalaban nitong National Transition Council. Tuluy-tuloy na binomba ng mga pwersa ng koalisyong US ang pwersa ni Gaddafi hanggang sa matalo ito . Naibagsak ang naghaharing Arab Jamahiriya, napatay si Muammar Gaddafi, at naghari ang National Transition Council na suportado ng koalisyong US. Gaya ng inaasahan, pinakikinabangan ngayon ng US ang reserbang langis ng Libya.




**Digmang mapanakop ng Saudi Arabia sa Yemen noong 2015**

Sinuportahan ni dating US president Barack Obama ang mapanakop na digma ng Saudi Arabia sa Yemen noong 2015. Nagsimula ito sa pambobomba sa mga tinatawag na rebeldeng Houthi na bandang huli ay tumungo sa blokeyo sa karagatan at pagpasok ng pwersang militar ng Saudi sa Yemen.

**Panghihimasok sa Syria noong 2014**

Noong digmang sibil sa Syria, sinuportahan ng US ang Free Syrian Army laban sa administrasyon ng demokratikong halal na gubyerno ni Bashar al-Assad. Nanghimasok rin ito nang tuwiran sa kunwaring paglaban sa presensya ng itinuturing nitong "teroristang" pwersa ng Daesh sa Syria. Nagsilbing dahilan ito ng US para direktang manghimasok sa Syria kahit walang pahintulot ng gubyerno ni Assad.

Batay sa naihanay na halimbawa sa itaas, walang dudang higit na nag-iibayo ang mapanakop at mapandigmang katangian ng imperyalismong US laban sa mga estado at mamamayan sa Gitnang Silangan na nagtataguyod ng kasarinlan at may anti-imperyalistang paninindigan. Patuloy na nakikibaka ang mamamayan sa Middle East para sa nasyunalisasyon ng kanilang rekurso at paggiit sa pambansang soberanya. K

# NPA NA AKO!

***Isang maikling kwento***

**"Magandang umaga, Ka Roselle!** Napapangiti ka d'yan mag-isa? Ikaw ha", biro ng isang kasama sa 'kin.

"Nako, binibiro mo na naman ako", natatawang sagot ko.

"O s'ya, mangangahoy na ako. Ikaw muna d'yan sa bantayan."

"Sige. Magmasid-masid ka rin diyan."

Napangiti nga siguro ako habang unti-unting hinihigop ang maligamgam nang kape at pinagmamasdan ang M-16 kong nakasandal sa isang bugsok ng kubo ko. Ilang buwan na nga pala ang nakalipas mula nang maging hukbo ako. Ngayon, mas masarap sa pakiramdam gumising tuwing umaga na alam mong ang lahat ng gagawin mo sa araw na iyon ay may kabuluhan - para sa pagpapalaya ng pinagsasamantalahang mamamayan sa pamamagitan ng armadong rebolusyon.

Naaalala ko tuloy noong una akong dumating sa mga kasama, tanong ko sa sarili ko noon, "NPA na ba talaga ako?" Parang hindi ko pa ramdam noon. Marami pa akong hindi kayang gawin tulad ng paggawa ng kubo, pagpapaputok ng baril, at mismong paglaban. Pero alam ko, kailangan kong matutunan lahat nang 'yan at magpakahusay dahil kailangan kong tumagal at tumatag para mas makapaglingkod sa rebolusyon.

Ilang araw pa lang ako noon sa mga kasama nagsimula na rin ang pagsasanay-militar. May mga pag-aaral pampulitika at iba't ibang *physical* at *combat training.* Kasabay nito may mga gawaing teknikal sa araw-araw gaya ng pagluluto ng agahan, pangangahoy, paghahakot ng suplay at paggawa ng mga istruktura para sa pagsasanay.

Bilang mula sa petiburgesya, bago talaga ako noon sa pamumuhay ng hukbo. Nakakatawang maalala na kahit sa pagpaparikit ng apoy at pagsasaing nang maramihan ay hirap ako. Buti na lang at may ka-*buddy.* Natuto rin naman ako sa kalaunan. Ngunit kahit sa mga gawaing teknikal, hindi pahuhuli ang kababaihan. May mga kasamang babae sa pagsasanay noon at nakikilahok din kami sa iba pang gawaing teknikal.

Pagdating naman sa mga *physical* at *combat training*, kita sa mga kasama ang kasigasigang matuto ng mga bagong teknika at nagpapakahusay dito. Pero syempre, dahil sa iba't ibang katangian, 'di maiwasang may mga nahuhuling kasama. Hindi naman problema 'yon dahil nandyan naman ang mga instruktor na matiyagang gumagabay at pinauulit-ulit ang pagtuturo, kasabay ng pagsisikap ng mga kapwa treyni na alalayan at turuan ang isa't isa.

Naalala ko tuloy noong *live firing* na, naiinis na ako sa sarili ko, kahit 'yung iba ring mga kasama na nahuhuli, dahil nahihirapan talaga kaming paglapit-lapitin ang mga tama ng bala sa target. Ang ibang mga kasama naman namin sa pagsasanay, patuloy sa pagpapalakas ng aming loob habang tinututukan kami ng mga instruktor sa pag-eensayo.

Minsan nga ay dinadaan na lang namin sa biro dahil may pagkakataon noong kailangan ng mga kasamang maghakot ng suplay, 'yung mga abante sa pagsasanay ang maghahakot habang ang iba ay magpapatuloy sa pag-eensayo. Sa ensayo, sabi naming mga naiwan kapag gumanda na ang mga tama ng isa, "Mahusay kasama, taga-hakot ka na!" Sabay tawanan. Habang tumatagal, sa kaka-ensayo, gumanda na rin ang aming mga tama sa *target board.*

Sa kabuuan, napahusay ang pagkakaisa at pagka-mapagkasamá ng mga hukbo. Kayo ba naman ang sama-samang nagtataguyod ng pagsasanay sa kabila ng banta ng kaaway. Isabay pang minsan kulang ang suplay kaya may mga panahong napapaliit ang badyet. Pero kinakaya, dahil malinaw sa lahat ang layunin ng rebolusyon. Anuman ang sapitin, matatag at masigasig ang mga kasama sa paggampan ng gawain. At naubos na pala ang kape sa baso ko. Lumipad na naman ang isip ko. Kaya ibinaba ko na ang aking baso, at kinuha naman ang M-16. Sinubukan kong sumipat sa malayo. Napangiti ako at nasabi ko sa sarili ko, "NPA na nga ako." K



I ❤ NPA

*51 taon na ang Bagong Hukbong Bayan! Ipagdiwang natin ang 51 taon ng BHB sa iba't ibang likhang-sining at panitikan tungkol at para sa NPA. Ipadala ang inyong kwento, dibuho, at iba pang likhang sining sa st.kalatas@gmail.com upang mailathala sa Kalatas.*